



wikipedia.com



## GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG SALUYOT



organicfacts.com

Ang saluyot (*Corchorus olitorius* L.) o tugabang sa Bisaya, ay tumutubo kahit saang lugar sa Pilipinas. Binibigyang pansin ito sa kasalukuyan bilang dahong-gulay dahil sa taglay nitong sustansya tulad ng bitamina A at C, *calcium*, *iron*, at *phosphorus*. May mga siyentipikong pag-aaral na nagpapatunay na mabuti ang saluyot sa kalusugan sapagkat sagana ito sa antioxidants na nakakatulong upang maiwasan ang sakit sa puso, kanser, *diabetes* at pagtaas ng presyon ng dugo. Madalas itong nilalahok ng hilaw sa mga pagkaing may sabaw. Maaari rin itong patuyuin at itabi kung hindi pa gagamitin.



### PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Itanim ito sa lupang mabanlikan na sagana sa organikong bagay. Nabubuhay ito sa lupa na may pH na 4.5-8.0. Angkop ang klima ng Pilipinas na mainit at mahalumigmig sa pagtatanim nito. Mainam na itanim ito sa buwan ng Nobyembre hanggang Pebrero kung kailan maiksi ang araw kaysa gabi. Mainam ang temperatura ay 25-32°C.

### PAGPILI NG BINHI

May dalawang uri ng saluyot sa Pilipinas: ang 'Pula' dahil sa kulay nitong mapula at lila, at ang 'Puti' na ang kulay ay mapusyaw na berde. Mayroong binhing 'Sagisag' na ginawa ang Institute of Plant Breeding-University of the Philippines Los Baños (IPB-UPLB). Ito ay mapusyaw na pula ang kulay sa tangkay at may dahon na katulad ng 'Pula'.



### PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang taniman nang maigi at gumawa ng mga kamang taniman na 0.75-1.0 m ang lapad. Maglagay ng organikong pataba o kompost sa dami na 2-3 tonelada bawat ektarya.



### PAGTATANIM

Kailangan ng 3-5 kg na buto para sa isang ektarya. Kung itanim ng direktang sa taniman, gumawa ng mga pahalang na linya sa kamang taniman at itanim ang mga buto sa pagitan na 20-30 cm. Isang paraan din ng direktang pagtatanim ang pagsabog ng mga buto ng pantay at pagsuyod ng lupa upang matabunan ang mga ito. Kung ililipat-tanim, magpunla ng buto sa punlaan at takpan ito ng dayami o cogon. Diligan araw-araw at ilipat-tanim pagkatapos ng 3 linggo sa pagitan na 12 cm x 12 cm. Diligan ang mga punla pagkatapos nito.



### PANGANGALAGA

Mag-aplay ng karagdang organikong pataba kung kinakailangan. Maaari ring mag-aplay ng *manure tea* o *fermented plant juice* (FPJ) upang maging mataba ang lupa. Sensitibo sa sobrang tuyong lupa at pagbaha ang saluyot. Magpatubig kung kinakailangan at takpan ng pinutol na damo o dayami ang lupa upang mapanatili ang pagkabasa nito.



### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bisitahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank [www.pinoyrice.com](http://www.pinoyrice.com)

rice\_matters (twitter) | rice.matters (facebook)



Gumawa ng mga kanal upang maiwasan ang pamamalagi ng tubig tuwing tag-ulan.

Damuhan ang taniman sa ika-15 at 45 na araw pagkatanim. Gawin ito hanggang sa magtagpo ang mga dahon ng halaman.



### PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang uod at gagambang hanip ang karaniwang peste ng saluyot. Ang madalas na pag-aani ng dahon ay nakakatulong upang hindi dumami ang mga ito. Tiyaking may sapat na patubig sa taniman upang maiwasan ang gagambang hanip. Mag-spray ng nabibiling *Bacillus thuringiensis* (Bt) para mapuksa ang mga uod.

Seryosong sakit naman ng saluyot ang pagkatuba at pagkabansot sanhi ng *nematode*. Upang maiwasan ang mga sakit, magtanim ng ibang uri ng gulay sa susunod na panahon ng taniman. Ang wastong pamamahala sa patubig at paggamit ng *compost* o *Trichoderma* ay maaari ring gawin.



Gagambang hanip/spider mite



Uod o cutworm



Mga butas sa mga dahon sanhi ng cutworm



### PAG-ANI

Anihin ang saluyot 30-60 araw pagkatanim o depende sa binhing ginamit. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagputol sa halaman ng 20-25 cm mula sa lupa. Talian ang mga naaning halaman at ilagay sa lugar na may lilim. Gawin ang susunod na pag-ani tuwing ika 1-2 linggo hanggang sa 7 buwan sa hapon.

### REFERENCES

Bureau of Plant Industry. 2011. Production Guide: Saluyot. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa [bpi.da.gov.ph](http://bpi.da.gov.ph).

Cabie HB. 2012. Saluyot, an express way to help PHL fill up its coffers. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa [www.science.ph](http://www.science.ph).

Department of Agriculture, Forestry and Fisheries. Production Guidelines: Jew's Mallow (*Corchorus olitorius* L). Directorate Agricultural Information Services, Department of Agriculture, Forestry and Fisheries, South Africa. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa [www.nda.agric.za/docs/Brochures/JewMallowPG.pdf](http://www.nda.agric.za/docs/Brochures/JewMallowPG.pdf).

Department of Science and Technology-Philippine Council for Agriculture, Forestry and Natural Resources Research and Development. 2008. Saluyot Production Guide (Pulyeto). Information Bulletin No. 273.

Islam MM. 2013. Biochemistry, medicinal and food values of Jute (*Corchorus capsularis* L. and *C. olitorius* L.: leaf: a review. International Journal of Enhanced Research in Science and Technology & Engineering. Vol.2 Issue 11: 35-44.

Ang mga impormasyon sa babasahing ito ay hindi pagmamay-ari ng PhilRice. Ang mga ito ay maaaring kinuha ng buo o isinalaysay sa sariling paliwanag mula sa pinaghalawan.

Ang *copyright* ay mananatili sa orihinal na pinaghalawan.